

Konsultasyon sa Edukasyon ng [Multicultural Children's Center]
- Kadalasang mga Katanungan -

[Tungkol sa pagpasok sa paaralan, atbp.]

Q1 Gusto kong pumasok o lumipat sa public elementary school (junior high school) ng Hyogo Prefecture, ano ang dapat kong gawin?

A. Kumonsulta sa departamentong namamahala sa pagpasok sa paaralan ng Board of Education ng tinitirahang munisipalidad, at isagawa ang proseso.

Q2 Gusto kong pumasok sa public high school ng Hyogo Prefecture, ano ang dapat kong gawin?

A. Kailangan kumuha ng pagsusulit sa pagpasok na ginagawa tuwing Marso ng bawat taon.

At may mga public high school na nagbibigay ng pagsusulit sa Pebrero para sa mga mag-aaral na inirerekomendang pumasok, kasama na dito ang pagsusulit sa pagpili para sa espesyal na mga slot para sa mga dayuhang mag-aaral. Ang mga impormasyon tungkol sa mga pagsusulit sa pagpasok sa mga public high school ay nakalagay sa website ng Hyogo Prefectural Board of Education.

Q3 Gusto kong lumipat sa public high school ng Hyogo Prefecture, ano ang dapat kong gawin?

A. Pumili ng 1 paaralan na nais lipatan sa mga high school sa loob ng tinitirahang distrito ng paaralan, at magtanong sa naturang high school.

Kapag inaprubahan ng punong guro ng nais lipatang high school, kukuha ng pagsusulit sa paglipat. Naiiba ang araw ng pagkuha ng pagsusulit sa paglipat, bayad sa paaralan at nilalaman ng pagsusulit batay sa paaralan kaya tiyakin lamang sa nais lipatang paaralan.

Q4 Ano ang dapat gawin upang makapasok o makalipat sa Prefectural Ashiya International Secondary School o sa Prefectural International High School?

A. Ang pagsusulit sa pagpasok sa Prefectural Ashiya International Secondary School ay sa Pebrero ng bawat taon, may personal interview at pagsusulat ng sanaysay na pagsusulit. May mga kondisyon para sa pag-aplay. Tiyakin lamang sa website ng Prefectural Ashiya International Secondary School.

Upang makapasok sa Prefectural International High School, kailangan kumuha ng pagsusulit sa pagpasok para sa mga inirerekomendang pumasok na ginagawa tuwing Pebrero bawat taon. Para sa mga detalye, tignan lamang ang website ng Prefectural International High School.

Tungkol naman sa paglipat sa paaralan, magtanong lamang sa bawat paaralan.

Q5 Nagbibigay ba ang mga Prefectural High School ng pagsusulit sa pagpili para sa espesyal na mga slot para sa mga dayuhang mag-aaral?

A. Oo, ginagawa nila ito. Sa pagsusulit noong taong 2020, ang 5 paaralan, Prefectural Kobe Kohoku High School, Prefectural Ashiya Upper Secondary School, Prefectural Itamikita High School, Prefectural Kakogawa Minami High School at Prefectural Koderu High School, ay nagbigay ng pagsusulit para sa 3 mga slot sa bawat paaralan.

Ang mga impormasyon tungkol sa pagsusulit sa pagpasok ay makikita sa website ng Hyogo Board of Education.

Q6 Ang edukasyong kompulsoryo sa aking bansa ay mas maikli kaysa sa Japan, maaari ba akong pumasok sa high school?

A. Ang mga taong natapos na ang 9 na taong kurikulum ng edukasyon sa paaralan sa banyagang bansa ay kailangang kumuha ng pagsusulit upang makapasok. Kung mas maikli, maaari kayong kumuha ng pagsusulit sa pamamagitan ng pagpapatunay ng pagkakaroon ng kakayahang pang-akademiko na katumbas o mas mataas kaysa sa mga nagtapos ng junior high school ayon sa mga patakaran ng sertipikasyon sa pagtapos ng junior high school. Para sa mga detalye, magtanong lamang sa High School Education Division ng Secretariat ng Hyogo Prefectural Board of Education. (Telepono 078-362-9444)

[Tungkol sa 「Multikultural na Tagasuporta ng mga Bata」]

Q7 Sa mga paaralan ng Hyogo Prefecture, maaari bang makakuha ng suporta sa sariling wika?

A. Sa Hyogo Prefecture, upang mabigyan ng tulong sa sariling wika sa unang pagpasok sa paaralang pagdating sa Japan, nagpapadala ng isang [multicultural na tagasuporta ng mga bata] na nakakapagsalita ng wika ng bata. May mga pamantayan sa pagpadala ng tagasuporta. Para sa mga detalye, tignan lamang ang tungkol sa multikultural na tagasuporta ng mga bata sa website ng Multicultural Children's Center.

Ang aplikasyon ay gagawin ng paaralang pinapasukan.

Q8 Ano ang mga bagay na gagawin ng [Multikultural na Tagasuporta ng mga Bata] ?

A. Ang multikultural na tagasuporta ng mga bata ay nagbibigay ng suporta upang masanay ang bata sa buhay sa paaralan, suporta sa pag-aaral, at katatagan ng kaisipan gamit ang wikang ginagamit ng bata sa araw-araw niyang pamumuhay (sariling wika).

Q9 Paano maging isang [Multikultural na Tagasuporta ng mga Bata] ?

A. Kapag kailangan ng bagong tagasuporta, magbibigay kami ng bagong pagsusulit para sa tagasuporta. Kapag magkakaroon ng bagong pagsusulit, ipapaalam namin sa ito sa website ng Children's Multicultural Center, atbp.

Q10 Paano maging isang [Multikultural na Boluntaryo para sa mga Bata]?

A. Palaging tumatanggap ang mga aplikasyon sa Children's Multicultural Center. I-download lamang ang form ng aplikasyon sa pagpaparehistro na nakalagay sa seksyon ng Volunteer Bank sa website ng Children's Multicultural Center, punan ito, at ipadala sa Children's Multicultural Center.

[Tungkol sa Children's Multicultural Center]

Q11 Anong uri ng konsultasyon ang matatanggap sa Children's Multicultural Center?

A. Ang Children's Multicultural Center ay nagbibigay ng pang-edukasyon na pagpapayo tungkol sa pagpasok sa paaralan at pagsulong sa edukasyon ng mga dayuhang bata, patnubay sa pag-aaral ng wikang Hapon, patnubay sa pag-aaral, atbp. Makipag-ugnayan muna sa amin.

Q12 Ano ang mga paraan para makapag-konsulta sa Children's Multicultural Center?

A. Maliban sa mga pag-konsulta sa pamamagitan ng pagbisita sa tanggapan, may online na pag-konsulta gamit ang telepono (0797-35-4537), fax (0797-35-4538), e-mail (mc-center@hyogo-c.ed.jp), at web conference system ay tinatanggap.

Kung nais ninyong kumonsulta sa pamamagitan ng pagbisita sa tanggapan o kumonsulta online, kumuha lamang ng appointment bago kumonsulta.

Q13 Maaari ba humiling ng isang interpreter kapag kumonsulta sa Children's Multicultural Center?

A. Oo, maaaring humiling bago ang araw ng pagkonsulta.

Q14 Kahit na sino ba maaari mahiram ang mga materyales ng Children's Multicultural Center ?

A. Oo, bilang prinsipyo, pinapahiram namin ito kahit kanino. Para sa mga detalye, magtanong lamang sa Children's Multicultural Center.

Q15 Bukas ba ang Children's Multicultural Center tuwing Sabado at Linggo?

A. Sarado tuwing Sabado, Linggo at mga pista opisyal.
Bukas ang tanggapan mula 9:00 hanggang 17:00 sa mga karaniwang araw ng trabaho.

[Iba pa]

Q16 Hindi ako marunong magsalita ng wikang Hapon kaya nag-aalala ako kung kaya kong masundan ang klase.

A. Sa Hyogo Prefecture, sa loob ng isang taon mula dumating sa Japan, nagpapadala ng isang [Multikultural na Tagasuporta ng mga Bata] sa paaralan upang bigyan ng suporta sa sariling wika ang bata, sa pag-aaral at sa buhay sa paaralan. (Ang paaralan ang magbibigay ng kahilingan.) Upang mag-aral sa paaralan ng Japan, kailangan ang kakayahan sa wikang Hapon, kaya mag-aral ng wikang Hapon kahit paunti-unti . May mga materyales at libro ang Children's Multicultural Center para sa pag-aaral ng wikang Hapon, at pinahiram din nila ito. Dagdag pa rito, ipinapakilala ng website ng Hyogo International Association ang mga klase ng wikang Hapon sa bawat lugar. Maaaring matutunan ang wikang Hapon sa mga klase ng wikang Hapon na isinasagawa sa bawat lugar. Kapag mayroon kayong problema, huwag mag-isang nag-aalala, kumonsulta sa inyong guro sa homeroom o guro sa aralin.

Q17 Saan makakapag-aral ng wikang Hapon?

A. Ang mga klase ng wikang Hapon sa bawat lugar ay ipinakilala sa website ng Hyogo International Association.